# Tunay na si Allāh ay nagpalampas para sa akin sa Kalipunan ko ng pagkakamali, pagkalimot, at anumang pinilit sila."}

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Tunay na si Allāh ay nagpalampas para sa akin sa Kalipunan ko ng pagkakamali, pagkalimot, at anumang pinilit sila."}
[Nagsabi si An-Nawawīy: ḥadīth na maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām Ibnu Mājah, Imām Al-Bayhaqīy, at iba pa sa kanilang dalawa]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh ay nagpaumanhin sa Kalipunan niya sa tatlong kalagayan: A. Ang pagkakamali. Ito ay ang anumang namutawi mula sa kanila nang walang pananadya. Ito ay ang magpakay ang Muslim sa paggawa niya ng isang bagay saka tumataon ang gawa niya sa iba pa sa pinakay niya. B. Ang pagkalimot. Ito ay ang pagiging ang Muslim ay nagsasaalaala ng isang bagay subalit nakalilimot siya nito sa sandali ng paggawa kaya naman walang kasalanan doon din. C. Ang pagpilit. Maaaring pilitin ang tao sa paggawa ng isang bagay na hindi niya ninanais kasabay ng kawalan ng kakayahan niya sa pagtulak ng pamimilit. Sa sandaling iyon hindi nasasadlak sa kanya ang kasalanan at ang kaasiwaan, Kalakip ng pagsasaalang-alang na ang paksa ng ḥadīth hinggil sa anumang nasa pagitan ng tao at Panginoon niya ay kaugnay sa paggawa ng sinasawata. Hinggil naman sa pag-iwan ng ipinag-uutos dala ng pagkalimot, hindi ito naaalis. Hinggil naman sa kung sakaling may nairesulta sa paggawa niya niyon na isang krimen, hindi naaalis ang karapatan ng nilikha gaya ng kung sakaling nakapatay siya nang mali, kailangan sa kanya ang bayad-pinsala; at kung sakaling nakasira siya ng isang kotse nang mali, kailangan sa kanya ang pananagutan.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee